ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

# TEKBUK: TUKLASIN ANG EKSPERIMENTO NG KASANAYAN AT BUMUO NG UMUUNLAD NA KAALAMAN NG MAG-AARAL

**Shezanie Joy Llorca Marquez**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pananaliksik na ito ay sumasaklaw sa TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman ng Mag-aaral. Nilayon ng pag-aaral na masagot ang mga sumusunod na tanong Antas ng Paggamit ng TEKBUK batay sa Bahagi ayon sa Layunin, Paksa, Gawain, Pagtataya at Repleksyon. Antas ng Paggamit ng TEKBUK batay sa Katangian ayon sa Kaangkupan, Kalinawan, Hikayat sa Paggamit, Disenyo at Teknikal na Pormat. Antas ng Paggamit ng TEKBUK sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa batay sa Antas ng Pagkakaunawa, Kakayahang Magbasa nang tuloy-tiuloy, Tamang Tono sa Pagbasa, Pananaw sa Pagbasa at Pag-uugali sa Pagbasa. Sumunod ay ang Antas ng Paggamit ng TEKBUK sa Pagganap ng Mag-aara, batay sa Pasalita at Pasulat na Pagsusulit. Inalam din ng mananaliksik ang Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng TEKBUK sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng Mag-aaral at Makabuluhang Epekto ng Paggamit ng TEKBUK sa Pagganap ng Mag-aaral.*

*Ginamit ang Deskriptibong-Korelasyonal na paraan, Kwantitatibong pagdulog ng pananaliksik at mga istatistikal na pamamaraan na Weighted Mean at Standard Deviation, Frequency Percentage, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient (Pearson r), at Multiple Regression Analysis. Pinili ang apatnaput pitong (47) mag-aaral sa ikawalong baitang ng Canlubang Integrated School 2025-2026 gamit ang Purposive Sampling Technique. Gumamit rin ng talatanungan na sinuri ng sampung (10) guro na eksperto sa Filipino at teknolohiya upang masiguro ang kalidad ng material.*

*Batay sa mga datos napatunayang Lubhang Mabisa ang TEKBUK batay sa bahagi, katangian at antas ng pagpapabuti ng husay sa pagbasa sa lahat ng salik. Napakahusay ang pagganap ng mga mag aaral sa Pasalitang Pagsusulit at Pasulat na Pagsusulit. May makabuluhang kaugnayan ang Bahagi at Katangian ng TEKBUK sa pagpapabuti ng husay sa pagbasa. Gayundin may makabuluhang epekto ang pagganap ng mga mag-aatal.*

*`May Makabuluhang Kaugnayan ang paggamit ng TEKBUK sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kalidad ng aspektong ito ng TEKBUK, tumataas din ang antas ng pag-unlad sa pagbasa ng mga mag-aaral. Napatunayan na may makabuluhang epekto ang paggamit ng TEKBUK sa Pagganap ng Mag-aaral Patunay ito na ang TEKBUK ay isang mabisang kagamitang pampagtuturo sa pagpapabuti ng husay sa pagbasa at sa pagpapataas ng pagganap ng mga mag aaral.*

*Dahil sa mga konklusyong nabuo mula sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda sa mga susunod na mananaliksik na maaaring magsagawa ng mas malawak na pag-aaral na may mas malaking bilang ng tagatugon at isama ang iba pang sukatan ng pagganap tulad ng performance-based assessment at portfolio upang higit pang mapagtibay at mapalawak ang resulta ng pag-aaral hinggil sa epekto ng TEKBUK.*

**SUSING SALITA:** *Teknolohiya, Kagamitang Panturo, Pagsasanay, Pagganap at Layunin*

## 1. PANIMULA

Ang kakayahang magbasa ay isa sa mga pangunahing kasanayang dapat taglay ng bawat mag-aaral, ito ay nagsisilbing lagusan ng kaalamang makatutulong sa pagkakaroon ng malawak na pag-unawa. Ang pagbasa ay hindi lamang kakayahan sa pagkilala ng titik at paglikha ng tunog. Ito masalimuot na proseso na proseso ng pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa mga impormasyong nakalimbag.Sa pamamagitan ng pagbasa, napalalawak nito ang imahinasyon, bokabolaryo at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ayon kay Valdez (2020), ang pagbasa ay isang aktibong proseso ng pakikipagtalastasan sa teksto kung saan ang mambabasa ay dapat bumuo ng kritikal na pananaw upang matukoy ang layunin, tono, at bias ng manunulat.

Sa kasalukuyang panahon, ang mga hamon sa pagbabasa ng mga mag-aaral ay nananatiling isang malaking suliranin na kinakaharap ng Pilipinas. Upang mapataas ang kalidad ng pagbasa at pag-unawa sa bansa, kailangang bumuo ng mga kagamitang makatutulong upang mahasa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Batay kina Perez at Malabanan (2020), ang paggamit ng mga makabagong kagamitang panturo gaya ng E-dialekto ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga teknikal na paksa ng wika at nagpapataas sa interes ng mga mag-aaral.Ang teknolohiya ay nagbubukas ng mga bagong posibilidad sa larangan ng edukasyon, lalo na sa pagbabasa. Ang pagbuo ng mga kagamitang panturo na makatutulong sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral ay may malaking papel sa pag-unlad ng pagganao ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Ang ganitong mga kagamitan ay hindi lamang nagiging kasangkapan sa pagtuturo kung hindi nagdudulot din motibasyon sa mga mag-aaral upang makilahok at matuto.

Kaya naman, ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng paggamit ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman ng Mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga estratehiyang makabago sa pagtuturo at sa paggamit ng teknolohiya.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong mabatid ang bisa ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman ng Mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Batay sa nabanggit na problema, ang pag-aaral na ito ay nagnanais na sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman ng Mag-aaral batay sa Bahagi ayon sa;
   1.1 Layunin;
   1.2 Paksa;
   1.3 Gawain;
   1.4 Pagtataya; at
   1.5 Repleksyon?
2. Ano ang antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman ng Mag-aaral batay sa Katangian ayon sa;
   2.1 Kaangkupan;
   2.2 Kalinawan;
   2.3 Hikayat sa Paggamit;
   2.4 Disenyo; at
   2.5 Teknikal na Pormat?
3. Ano ang antas ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa;
   3.1 Antas ng Pagkakaunawa;
   3.2 Kakayahang Magbasa nang Tuloy-tuloy;
   3.3 Tamang Tono sa Pagbasa;
   3.4 Pananaw sa Pagbasa at
   3.5 Pag-uugali sa Pagkatuto?
4. Ano ang antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa;
   4.1 Pasalitang Pagsusulit at
   4.2 Pasulat na Pagsusulit?
5. May Makabuluhang kaugnayan ba ang Paggamit ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman ng Mag-aaral sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral?
6. May makabuluhang epekto ba ang paggamit TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman ng Mag-aaral sa Pagganap ng mga Mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Ginamit ang Deskriptibong-Korelasyonal na paraan, Kwantitatibong pagdulog ng pananaliksik at mga istatistikal na pamamaraan na Weighted Mean at Standard Deviation, Frequency Percentage, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient (Pearson r), at Multiple Regression Analysis. Pinili ang apatnaput pitong (47) mag-aaral sa ikawalong baitang ng Canlubang Integrated School 2025-2026 gamit ang Purposive Sampling Technique. Gumamit rin ng talatanungan na sinuri ng sampung (10) guro na eksperto sa Filipino at teknolohiya upang masiguro ang kalidad ng material.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos na nakalap mula sa mga tagatugon at ang pagsusuri sa mga ito batay sa mga layunin ng pag-aaral. Ipinapakita rin dito ang interpretasyon ng mga resulta kaugnay ng paggamit ng TEKBUK at ang epekto nito sa pagpapabuti ng husay sa pagbasa at pagganap ng mga mag-aaral.

**Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman**

Inilalahad sa bahaging ito na ang antas ng TEKBUK batay sa mga pangunahing bahagi nito na kinabibilangan ng layunin, paksa, gawain, pagtataya, at repleksyon. Ipinapakita ang pagsusuri ng mga datos upang matukoy ang bisa at kalidad ng bawat bahagi bilang salik sa pagkatuto at paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng TEKBUK batay sa bahagi nito ayon sa layunin. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.75 at standard deviation na 0.46, makikita na ang layunin ng TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang pagtaya ng mga mag-aaral sa kalinawan, kaangkupan, at pagiging makabuluhan ng mga layuning nakapaloob sa TEKBUK.

Sa mga pahayag na nakapaloob sa talahanayan, ang “Nauunawaan nang madali ang layunin sa TEKBUK” at “Nailalahad nang malinaw ang layunin ng TEKBUK” ang parehong nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.79. Ipinapakita nito na malinaw at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang direksyon at layunin ng aplikasyon. Samantala, ang “Naaayon sa MATATAG Curriculum ang layunin sa TEKBUK” ang may pinakamababang mean na 4.70. Bagama’t ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa pananaw ng ilang mag-aaral hinggil sa ganap na pag-akma ng layunin sa umiiral na kurikulum ng institusyon.

**Talahanayan 1.**
*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Bahagi Ayon sa Layunin*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan nang madali ang layunin sa TEKBUK* | 4.79 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon sa MATATAG Curriculum ang layunin sa TEKBUK.* | 4.70 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaabot ng layunin sa TEKBUK ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalahad nang malinaw ang layunin ng TEKBUK* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakamit ang layunin na nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.75 | | |
| *SD* | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na matibay at malinaw ang pagkakabuo ng layunin ng TEKBUK. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa bisa ng layunin nito. Ipinahihiwatig nito na ang layunin ng TEKBUK ay nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nagsisilbing malinaw na gabay sa kanilang pagkatuto sa pagbasa at pag-unawa.

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng TEKBUK batay sa bahagi nito ayon sa paksa. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.72 at standard deviation na 0.46, makikita na ang mga paksa ng TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon.

Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kaangkupan at kabuluhan ng mga paksang nakapaloob sa TEKBUK para sa kanilang pagkatuto sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 2.**

*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Bahagi Ayon sa Paksa*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Natutukoy nang madali at malinaw ang mga paksa sa TEKBUK.* | 4.53 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop sa antas ng mga mag-aaral ang paksa sa TEKBUK.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon sa MELC ang mga paksa sa TEKBUK* | 4.81 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ng mga paksa sa TEKBUK ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.* | 4.77 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang mga paksa sa TEKBUK upang mahasa ang komprehensyon ng mga mag-aaral.* | 4.64 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.72 | | |
| *SD* | 0.46 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Sa mga pahayag na nakapaloob sa talahanayan, ang “Naiaangkop sa antas ng mga mag-aaral ang paksa sa TEKBUK” ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.87. Ipinapakita nito na ang mga paksa ay angkop sa kakayahan at lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Samantala, ang “Natutukoy nang madali at malinaw ang mga paksa sa TEKBUK” ang may pinakamababang mean na 4.53. Bagama’t ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa karanasan ng ilang mag-aaral sa agarang pagkilala at pag-unawa sa mga paksa.

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na epektibo ang pagkakapili at pagkakaayos ng mga paksa sa TEKBUK. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa bisa ng mga paksa. Ipinahihiwatig nito na ang mga paksa ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng TEKBUK batay sa bahagi nito ayon sa gawain. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.71 at standard deviation na 0.43, makikita na ang mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang pagtaya ng mga mag-aaral sa bisa ng mga gawaing inilaan upang mapalawak ang kanilang kakayahan sa pagbasa at komunikasyon.

**Talahanayan 3.**

*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Bahagi Ayon sa Gawain*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nahahasa ang kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga gawain sa TEKBUK.* | 4.47 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ng mga gawain sa TEKBUK ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.* | 4.81 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon sa antas ng mga mag-aaral ang mga gawain sa TEKBUK* | 4.89 | 0.31 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang mga gawain sa TEKBUK upang mapabilis ang pagbasa ng mga mag-aaral.* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagawa nang mabilis ang mga katanungan sa mga gawain na nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.66 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.71 | | |
| *SD* | 0.43 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na maayos ang pagkakabuo at pagkakaangkop ng mga gawain sa TEKBUK. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa bisa ng mga ito. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawain ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng TEKBUK batay sa bahagi nito ayon sa pagtataya. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.69 at standard deviation na 0.49, makikita na ang mga pagtatayang nakapaloob sa TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa kalinawan, bisa, at kabuluhan ng mga pagtataya bilang bahagi ng kanilang pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa mga pahayag na nakapaloob sa talahanayan, ang "Nahihikayat ang mga mag-aaral na magsagot sa mga pagtataya sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.81.

**Talahanayan 4.**
*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Bahagi Ayon sa Pagtataya*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan nang malinaw ang mga panuto sa mga pagtataya na nakapaloob sa TEKBUK* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napagyayaman ng mga pagtataya sa TEKBUK ang kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.* | 4.79 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakakamit sa tulong ng mga pagtataya sa TEKBUK ang mga layuning nakapaloob.* | 4.62 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahihikayat ang mga mag-aaral na magsagot sa mga pagtataya sa TEKBUK.* | 4.81 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasasagot nang mahusay ang mga tanong sa bawat pagtataya sa TEKBUK.* | 4.62 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.69 | | |
| *SD* | 0.49 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita nito na ang paraan ng pagtataya ay nakapagbibigay ng interes at motibasyon sa mga mag-aaral upang aktibong makibahagi. Samantala, ang mga pahayag na "Nauunawaan nang malinaw ang mga panuto sa mga pagtataya," "Nakakamit sa tulong ng mga pagtataya ang mga layuning nakapaloob," at "Nasasagot nang mahusay ang mga tanong sa bawat pagtataya" ay parehong nakakuha ng mean na 4.62, na siyang pinakamababang halaga sa talahanayan. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa karanasan ng ilang mag-aaral hinggil sa kalinawan at ganap na pagkamit ng layunin sa pamamagitan ng mga pagtataya Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang disenyo ng mga pagtataya ay epektibong kagamitan sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na maayos at epektibo ang pagkakabuo ng mga pagtataya sa TEKBUK. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa bisa ng mga ito. Ipinahihiwatig nito na ang mga pagtataya ay nagsisilbing mahalagang bahagi sa pagpapatibay ng kanilang pag-unawa at pagganap sa pagbasa.

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang antas ng TEKBUK batay sa bahagi nito ayon sa repleksyon. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.56 at standard deviation na 0.60, makikita na ang bahagi ng repleksyon sa TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang pagtaya ng mga mag-aaral sa papel ng repleksyon sa pagpapalalim ng kanilang pagkatuto.

Sa mga pahayag na nakapaloob sa talahanayan, ang "Nakapagbabahagi ng kaalaman ang mag-aaral sa tulong ng mga katanungang nakapaloob sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.66.

**Talahanayan 5.**
*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Bahagi Ayon sa Repleksyon*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naaanalisa ang bawat katanungan sa repleksyon sa TEKBUK.* | 4.62 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng repleksyon sa TEKBUK.* | 4.51 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad ng mga repleksyon sa TEKBUK ang kakayahan ng mag-aaral sa gramatika.* | 4.47 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipaliliwanag ang kaalamang natamo ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagot sa repleksyon sa TEKBUK.* | 4.55 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbabahagi ng kaalaman ang mag-aaral sa tulong ng mga katanungang nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.66 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.56 | | |
| *SD* | 0.60 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Sa mga pahayag na nakapaloob sa talahanayan, ang "Nakapagbabahagi ng kaalaman ang mag-aaral sa tulong ng mga katanungang nakapaloob sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.66. Ipinapakita nito na ang mga tanong sa repleksyon ay nakatutulong upang maipahayag at maibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan. Samantala, ang "Napauunlad ng mga repleksyon sa TEKBUK ang kakayahan ng mag-aaral sa gramatika" ang may pinakamababang mean na 4.47. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa pananaw ng ilang mag-aaral hinggil sa lawak ng naitutulong ng repleksyon sa paglinang ng kanilang kasanayang gramatikal.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na makabuluhan ang bahagi ng repleksyon sa TEKBUK bilang paraan ng paglalagom at pagpapahayag ng natamong kaalaman. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean ay nagpapakita na halos magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral, bagama't ang bahagyang mas mataas na standard deviation kumpara sa ibang bahagi ay nagpapahiwatig ng kaunting pagkakaiba sa kanilang mga tugon. Ipinahihiwatig nito na ang repleksyon ay nagsisilbing mahalagang bahagi sa pagpapatibay at pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Inilalahad sa bahaging ito ang antas ng TEKBUK batay sa mga katangiang taglay nito tulad ng kaangkupan, kalinawan, hikayat sa paggamit, disenyo, at teknikal na pormat. Ipinapakita ang pagsusuri ng mga datos upang matukoy ang kalidad ng aplikasyon bilang kagamitang panturo at ang pagiging angkop nito sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang antas ng TEKBUK batay sa katangian nito ayon sa kaangkupan. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.63 at standard deviation na 0.50, makikita na ang TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pag-akma ng nilalaman, wika, at mga aralin ng TEKBUK sa kanilang antas at pangangailangan.

**Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Katangian**

Sa mga pahayag na nakapaloob sa talahanayan, ang "Naibabatay sa edad ng mag-aaral ang mga paksa sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.68. Ipinapakita nito na ang mga paksa ay naaayon sa yugto ng pag-unlad ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 6.**

*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Katangian Ayon sa Kaangkupan*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Naaayon sa MELC ang mga aralin sa TEKBUK* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibabatay sa edad ng mag-aaral ang mga paksa sa TEKBUK.* | 4.68 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaakma sa kakayahan ng mga mag-aaral ang mga salitang ginamit sa TEKBUK.* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nauugnay ng mga mag-aaral sa totoong buhay ang mga kaalaman na natutunan sa TEKBUK.* | 4.64 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiaangkop ang kabuoang nilalaman ng TEKBUK sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.* | 4.62 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.63<br>0.50<br>Lubhang Mabisa | | |

Samantala, ang mga pahayag na "Naaayon sa MELC ang mga aralin sa TEKBUK," "Naiaakma sa kakayahan ng mga mag-aaral ang mga salitang ginamit sa TEKBUK," at "Naiaangkop ang kabuoang nilalaman ng TEKBUK sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral" ay kapwa nakakuha ng mean na 4.62, na siyang pinakamababang halaga sa talahanayan. Bagama't nananatili ito sa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa pananaw ng ilang mag-aaral hinggil sa lawak ng pag-akma ng nilalaman sa kanilang kakayahan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na ang TEKBUK ay angkop sa konteksto ng mga mag-aaral batay sa edad, kakayahan, at kurikulum. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang kanilang pagtaya sa kaangkupan ng materyal. Ipinahihiwatig nito na ang disenyo at nilalaman ng TEKBUK ay tumutugon sa pamantayang pangkurikulum at sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang antas ng TEKBUK batay sa katangian

nito ayon sa kalinawan. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.62 at standard deviation na 0.50, makikita na ang TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay malinaw ang pagkakalahad ng mga paksa, ideya, at pagtataya na nakapaloob sa TEKBUK batay sa pananaw ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 7.**

*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Katangian Ayon sa Kalinawan*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Mga Puna |
|---|---|---|---|
| Nauunawaan nang malinaw ang mga paksa sa TEKBUK. | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nakikita ang sistematikong pagkakaayos ng ideya at pahayag sa TEKBUK. | 4.51 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| Namamalas nang malinaw ang mga kasanayang nakamit sa tulong ng TEKBUK. | 4.60 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| Nailalahad nang malinaw ang mga pagtatayang makikita sa TEKBUK | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naibabahagi ng malinaw ang mga ideyang natutunan sa TEKBUK, | 4.55 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| Weighted Mean<br>SD<br>Berbal na Interpretasyon | 4.62<br>0.50<br>Lubhang Mabisa | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nauunawaan nang malinaw ang mga paksa sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.74. Ipinapakita nito na madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga paksang tinatalakay sa aplikasyon. Samantala, ang "Nakikita ang sistematikong pagkakaayos ng ideya at pahayag sa TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.51. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa pananaw ng ilang mag-aaral hinggil sa kaayusan at organisasyon ng mga ideyang nakapaloob sa TEKBUK.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na malinaw at maayos ang pagkakalahad ng nilalaman ng TEKBUK. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kalinawan nito. Ipinahihiwatig nito na ang malinaw na presentasyon ng mga paksa at ideya ay nakatutulong sa mas maayos na pag-unawa at pagbabahagi ng kanilang natutuhan.

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang antas ng TEKBUK batay sa katangian nito ayon sa hikayat sa paggamit. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.69 at standard deviation na 0.47, makikita na ang TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay nakapagbibigay ng interes at motibasyon ang TEKBUK sa mga mag-aaral upang higit silang makibahagi at magbasa.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naeengganyong makibahagi sa talakayan ang mga mag-aaral sa tulong ng TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.74. Ipinapakita nito na ang mga nilalaman at katangian ng TEKBUK ay nakapagpapataas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangklase. Samantala, ang "Nauunawaan nang lubos ang aralin sa tulong ng mga feature na makikita sa TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.62.

**Talahanayan 8.**

*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Katangian Ayon sa Hikayat sa Paggamit*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan nang lubos ang aralin sa tulong ng mga feature na makikita sa TEKBUK.* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiuugnay sa kasalukuyan ang mga paksa sa TEKBUK.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naeengganyong makibahagi sa talakayan ang mga mag-aaral sa tulong ng TEKBUK.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahihikayat na magbasa ang mga mag-aaral gamit ang TEKBUK.* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilahok nang aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan.* | 4.68 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.69<br>0.47<br>Lubhang Mabisa | | |

Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa karanasan ng ilang mag-aaral sa paggamit ng mga feature bilang pantulong sa pag-unawa ng aralin. Gayunpaman, ang kabuuang weighted mean ay nagpapatunay na ang TEKBUK ay nananatiling isang mabisang kagamitan sa pagpapadali ng proseso ng pagkatuto. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng patuloy na pagrerebisa sa mga features ng materyal upang matiyak na lahat ng aspeto nito ay tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na epektibo ang TEKBUK sa paglikha ng masigla at aktibong kapaligiran sa pagkatuto. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kakayahan ng TEKBUK na makahikayat sa paggamit at pakikilahok. Ipinahihiwatig nito na ang mga elementong nakapaloob sa TEKBUK ay may mahalagang papel sa pagpapaigting ng interes at partisipasyon sa pagbasa.

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang antas ng TEKBUK batay sa katangian nito ayon sa disenyo. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.53 at standard deviation na 0.58, makikita na ang disenyo ng TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa kabuuang anyo, ayos, at biswal na presentasyon ng aplikasyon.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakaaagaw-pansin ang mga icon na ginamit sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.70. Ipinapakita nito na ang mga elementong biswal tulad ng mga icon ay nakatutulong upang maging mas kaakit-akit at madaling gamitin ang aplikasyon. Samantala, ang "Nakikita ang maayos na pagpaplano sa pagkakabuo ng TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.38. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa pananaw ng ilang mag-aaral hinggil sa kabuuang organisasyon at estruktura ng disenyo.

**Talahanayan 9.**

*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Katangian Ayon sa Disenyo*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nakikita ang maayos na pagpaplano sa pagkakabuo ng TEKBUK.* | 4.38 | 0.64 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Namamalas sa disenyo ng TEKBUK ang layunin nito.* | 4.51 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakalilibang ang mga kulay na ginamit sa bawat interface ng TEKBUK.* | 4.60 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaaagaw-pansin ang mga icon na ginamit sa TEKBUK.* | 4.70 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaakma ang disenyo ng TEKBUK sa antas ng mga mag-aaral.* | 4.45 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.53 | | |
| *SD* | 0.58 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na ang disenyo ng TEKBUK ay kaaya-aya at angkop sa antas ng mga mag-aaral. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang kanilang pagtaya sa aspektong ito. Ipinahihiwatig nito na ang maayos at kaakit-akit na disenyo ay may mahalagang papel sa pagpapalawak ng interes at pakikilahok ng mga mag-aaral sa paggamit ng TEKBUK.

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang antas ng TEKBUK batay sa katangian nito ayon sa teknikal na pormat. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.80 at standard deviation na 0.39, makikita na ang teknikal na pormat ng TEKBUK ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon.

**Talahanayan 10.**

*Antas ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperiemento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman Batay sa Katangian Ayon sa Teknikal na Pormat*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nauunawaan nang madali ang interface ng TEKBUK.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababasa nang malinaw ang mga titik na ginamit sa TEKBUK.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naiiwasan ang kalituhan sa paggamit ng TEKBUK sa tulong ng maayos na pagkakagawa nito.* | 4.81 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napananatili ng TEKBUK ang konpidensyal na impormasyon ng mga mag-aaral.* | 4.85 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagagamit nang mabilis ang TEKBUK* | 4.83 | 0.38 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.80 | | |
| *SD* | 0.39 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay mataas ang pagtaya ng mga mag-aaral sa kadalian ng paggamit, kalinawan ng presentasyon, at pagiging maayos ng sistemang teknikal ng aplikasyon.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nababasa nang malinaw ang mga titik na ginamit sa TEKBUK" at "Napananatili ng TEKBUK ang konpidensyal na impormasyon ng mga mag-aaral" ang kapwa nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.85. Ipinapakita nito na malinaw ang mga tekstong ginamit at may tiwala ang mga mag-aaral sa seguridad ng kanilang impormasyon. Samantala, ang "Nauunawaan nang madali ang interface ng TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.68. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa karanasan ng ilang mag-aaral sa pag-unawa sa kabuuang interface ng aplikasyon.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na maayos at episyente ang teknikal na aspeto ng TEKBUK. Ang mataas na weighted mean at mababang standard deviation ay nagpapakita ng halos magkakatulad at positibong pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa teknikal na pormat nito. Ipinahihiwatig nito na ang malinaw, mabilis, at ligtas na sistema ng aplikasyon ay mahalagang salik sa matagumpay na paggamit ng TEKBUK sa pagkatuto.

**Antas ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa**

Inilalahad sa bahaging ito ang antas ng pagpapabuti ng husay sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa iba't ibang dimensyon tulad ng antas ng pagkakaunawa, kakayahang magbasa nang tuloy-tuloy, tamang tono sa pagbasa, pananaw sa pagbasa, at pag-uugali sa pagkatuto. Ipinapakita ang pagsusuri ng mga datos upang matukoy kung paano nakatulong ang paggamit ng TEKBUK sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagbasa.

**Talahanayan 11.**

*Antas ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa Ayon sa Antas ng Pagkakaunawa*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nalilinaw ang mga mensaheng nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.62 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasasagot nang mahusay ang mga mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.77 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapagbabahagi ng kaalaman sa mga paksang makikita sa TEKBUK.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapaglalahad ng sariling ideya sa mga paksang bahagi ng TEKBUK.* | 4.87 | 0.34 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasusulat ng maayos na repleksyon ukol sa mga paksa sa TEKBUK.* | 4.70 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.74 | | |
| *SD* | 0.47 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang antas ng pagpapabuti ng husay sa pagbasa batay sa antas ng pagkakaunawa. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.74 at standard deviation na 0.47, makikita na ang pagpapabuti ng pag-unawa ng mga mag-aaral ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay malaki ang naitutulong ng TEKBUK sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa mga paksang binabasa.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakapaglalahad ng sariling ideya sa mga paksang bahagi ng TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.87. Ipinapakita nito na nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng sariling pananaw at interpretasyon hinggil sa kanilang nabasa. Samantala, ang "Nalilinaw ang mga mensaheng nakapaloob sa TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.62. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa antas ng paglinaw ng mensahe batay sa karanasan ng ilang mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na epektibo ang TEKBUK sa pagpapaunlad ng antas ng pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang kanilang pananaw hinggil sa aspektong ito. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK ay nakatutulong sa pagpapalawak ng pag-unawa at kakayahang magpahayag ng mga natutunang ideya.

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang antas ng pagpapabuti ng husay sa pagbasa batay sa kakayahang magbasa nang tuloy-tuloy. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.70 at standard deviation na 0.50, makikita na ang kakayahang magbasa nang tuloy-tuloy ng mga mag-aaral ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay nakatutulong ang TEKBUK sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang magbasa nang may pag-unawa at pagtitiwala sa sarili.

**Talahanayan 12.**

*Antas ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa Ayon sa Kakayahang Magbasa nang Tuloy-tuloy*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Nababatid ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa TEKBUK.* | 4.62 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahasa ang malalim na pag-unawa sa mga pahayag sa TEKBUK.* | 4.72 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusuri ang mga impormasyong nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nababasa nang may pagtitiwala sa sarili ang mga pahayag sa TEKBUK.* | 4.79 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napabubuti ang kakayahan sa pagbasa sa tulong ng mga paksang mababasa sa TEKBUK.* | 4.66 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean* | 4.70 | | |
| *SD* | 0.50 | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | Lubhang Mabisa | | |

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nababasa nang may pagtitiwala sa sarili ang mga pahayag sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.79. Ipinapakita nito na nahuhubog ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang magbasa. Samantala, ang "Nababatid ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.62. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ng ilang mag-aaral sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa mga pahayag.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na nakatutulong ang TEKBUK sa pagpapaunlad ng kakayahang magbasa nang tuloy-tuloy. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa aspektong ito. Ipinahihiwatig nito na ang patuloy na pagsasanay sa pagbasa gamit ang TEKBUK ay may positibong ambag sa kanilang paglinang ng kasanayan sa pagbasa.

Ipinapakita sa Talahanayan 13 ang antas ng pagpapabuti ng husay sa pagbasa batay sa tamang tono sa pagbasa. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.59 at standard deviation na 0.51, makikita na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong tono sa pagbasa ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay nakatutulong ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

TEKBUK sa paglinang ng wastong pagbigkas, diin, at intonasyon sa pagbasa.

**Talahanayan 13.**
*Antas ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa Ayon sa Tamang Tono sa Pagbasa*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Napahuhusay ang kakayahan sa pagbasa sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga kahulugan ng salita sa TEKBUK.* | 4.45 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipadarama ang emosyon sa pagbasa ng mga pahayag sa TEKBUK.* | 4.57 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusunod ang tamang diin sa pagbigkas ng bawat salita sa TEKBUK.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipapamalas ang wastong intonasyon sa pagbasa ng mga pahayag sa TEKBUK.* | 4.64 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabibigkas nang malinaw ang tunog ng bawat titik sa mga salitang ginamit sa TEKBUK.* | 4.60 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.59<br>0.51<br>Lubhang Mabisa | | |

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nasusunod ang tamang diin sa pagbigkas ng bawat salita sa TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.68. Ipinapakita nito na nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong paglalagay ng diin sa mga salitang kanilang binabasa. Samantala, ang "Napahuhusay ang kakayahan sa pagbasa sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga kahulugan ng salita sa TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.45. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa ng ilang mag-aaral sa kahulugan ng mga salita bilang batayan ng tamang tono.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na epektibo ang TEKBUK sa pagpapaunlad ng tamang tono sa pagbasa. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang katamtamang antas ng standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa aspektong ito. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK ay nakatutulong sa paglinang ng malinaw at wastong pagbigkas ng mga salita at pahayag.

Ipinapakita sa Talahanayan 14 ang antas ng pagpapabuti ng husay sa pagbasa batay sa pananaw ng mga mag-aaral sa pagbasa. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.71 at standard deviation na 0.46, makikita na ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagbasa ay nasa antas na Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay positibo ang kanilang saloobin at pagtingin sa pagbasa sa tulong ng TEKBUK.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakapaghahanda ng sapat na oras sa pagbasa ng mga akda sa TEKBUK" at "Nasusubaybayan ng mag-aaral ang sariling pag-unlad sa pagbasa sa tulong ng TEKBUK" ang kapwa nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.79. Ipinapakita nito na nagkakaroon ng disiplina at kamalayan ang mga mag-aaral sa kanilang sariling pag-unlad sa pagbasa. Samantala, ang "Naipakikita ang pagiging epektibong mambabasa sa gamit ang mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.60. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa pananaw ng ilang mag-aaral hinggil sa ganap na pagtingin sa sarili bilang epektibong mambabasa.

**Talahanayan 14.**
*Antas ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa Ayon sa Pananaw l sa Pagbasa*

| *Mga Pahayag* | *Mean* | *SD* | *Mga Puna* |
|---|---|---|---|
| *Naipamamalas ang interes sa pagbasa ng mga paksang sa TEKBUK.* | 4.66 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napauunlad tiwala sa sarili sa tulong ng mga akdang mababasa sa TEKBUK.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapaghahanda ng sapat na oras sa pagbasa ng mga akda sa TEKBUK.* | 4.79 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nasusubaybayan ng mag-aaral ang sariling pag-unlad sa pagbasa sa tulong ng TEKBUK.* | 4.79 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naipakikita ang pagiging epektibong mambabasa sa gamit ang mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.60 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.71<br>0.46<br>Lubhang Mabisa | | |

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na nakatutulong ang TEKBUK sa paghubog ng positibong pananaw ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang kanilang pananaw hinggil sa aspektong ito. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng interes, tiwala sa sarili, at kamalayan sa sariling kakayahan sa pagbasa.

Ipinapakita sa Talahanayan 15 ang antas ng pagpapabuti ng husay sa pagbasa batay sa pag-uugali sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.77 at standard deviation na 0.43, makikita na ang pag-uugali sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay nasa antas na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Lubhang Mabisa ayon sa berbal na interpretasyon Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay may positibong pagbabago sa kanilang asal, pakikilahok, at pagtanggap sa mga gawain kaugnay ng pagbasa sa tulong ng TEKBUK.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Natatanggap nang may paggalang ang mga puna sa pagbasa sa tulong ng TEKBUK" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.89. Ipinapakita nito na nahuhubog ang pagiging bukas ng mga mag-aaral sa pagtanggap ng puna at pagwawasto sa kanilang pagbasa. Samantala, ang "Nakikilahok nang aktibo sa talakayan sa gamit ang TEKBUK" ang may pinakamababang mean na 4.57. Bagama't ito ay nananatiling nasa antas na lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may bahagyang pagkakaiba sa antas ng aktibong pakikilahok ng ilang mag-aaral sa mga talakayan.

**Talahanayan 15.**
*Antas ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa Ayon sa Pag-uugali sa Pagkatuto*

| ***Mga Pahayag*** | ***Mean*** | ***SD*** | ***Mga Puna*** |
|---|---|---|---|
| *Nailalahad nang malaya ang kanya-kanyang konsepto sa tulong ng TEKBUK.* | 4.74 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalago ng TEKBUK ang tiwala sa sarili ng mag-aaral.* | 4.81 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahasa ang kakayahan sa pakikisalamuha ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK.* | 4.81 | 0.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Natatanggap nang may paggalang ang mga puna sa pagbasa sa tulong ng TEKBUK.* | 4.89 | 0.31 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakikilahok nang aktibo sa talakayan sa gamit ang TEKBUK.* | 4.57 | 0. | Lubos na sumasang-ayon |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | 4.77<br>0.43<br>Lubhang Mabisa | | |

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na nakatutulong ang TEKBUK sa paghubog ng positibong pag-uugali sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang magkakalapit na halaga ng mga mean at ang mababang standard deviation ay nagpapakita na halos magkakatulad ang kanilang pananaw hinggil sa aspektong ito. Ipinahihiwatig nito na ang mga gawaing nakapaloob sa TEKBUK ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng tiwala sa sarili, pakikisalamuha, at aktibong partisipasyon sa proseso ng pagkatuto.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral**

Ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa kanilang marka sa pasalita at pasulat na pagsusulit. Ipinapakita ang pagsusuri ng mga datos upang matukoy ang kabuuang antas ng kanilang pagkatuto at ang kaugnayan nito sa paggamit ng TEKBUK bilang kagamitang panturo. Ipinapakita sa Talahanayan 16 ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasalitang pagsusulit. Batay sa kabuuang weighted mean na 47.87 at standard deviation na 1.36, makikita na ang pagganap ng mga mag-aaral ay nasa antas na Natatangi ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay napakataas ng naging resulta ng mga mag-aaral sa aspektong pasalita.

Makikita sa distribusyon ng puntos na 46 sa kabuuang 47 na mag-aaral o 97.87 porsiyento ang nakakuha ng marka sa hanay na 41 hanggang 50 na may katumbas na Natatangi. Samantala, isang mag-aaral o 2.13 porsiyento ang nakakuha ng marka sa hanay na 31 hanggang 40 na may katumbas na Lubhang Kasiya-siya. Wala namang mag-aaral ang napabilang sa mga mas mababang kategorya tulad ng Kasiya-siya, Bahagyang Kasiya-siya, at Hindi Naabot ang Inaasahan. Ipinakikita ng resulta na halos lahat ng mag-aaral ay nakapagtamo ng pinakamataas na antas ng pagganap sa pasalitang pagsusulit.

**Talahanayan 16.**
*Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasalitang Pagsusulit*

| **Puntos** | **Pasalitang Pagsusulit** | | **Paglalarawan** |
|---|---|---|---|
| | **f** | **%** | |
| 41 - 50 | 46 | *97.87* | Natatangi |
| 31 - 40 | 1 | *2.13* | Lubhang Kasiya-siya |
| 21 - 30 | 0 | *0.00* | Kasiya-siya |
| 11 - 20 | 0 | *0.00* | Bahagyang Kasiya-siya |
| 0 - 10 | 0 | *0.00* | Hindi Naabot ang Inaasahan |
| Total | 47 | *100* | |
| *Weighted Mean*<br>*SD*<br>*Berbal na Interpretasyon* | *47.87*<br>*1.36*<br>*Natatangi* | | |

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga resulta na mataas ang antas ng kahandaan, kaalaman, at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag sa pasalitang pagsusulit. Ang mababang standard deviation ay nagpapakita na magkakalapit ang mga marka at may pagkakapare-pareho sa antas ng kanilang pagganap. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng matibay na kakayahan sa pasalitang

komunikasyon at pag-unawa sa mga paksang saklaw ng pagsusulit.

Ipinapakita sa Talahanayan 17 ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasulat na pagsusulit. Batay sa kabuuang weighted mean na 40.32 at standard deviation na 4.63, makikita na ang pagganap ng mga mag-aaral ay nasa antas na Lubhang Kasiya-siya ayon sa berbal na interpretasyon. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay mataas ang naging resulta ng mga mag-aaral sa aspektong pasulat.

Makikita sa distribusyon ng puntos na 25 sa kabuuang 47 na mag-aaral o 53.19 porsiyento ang nakakuha ng marka sa hanay na 31 hanggang 40 na may katumbas na Lubhang Kasiya-siya. Samantala, 19 na mag-aaral o 40.43 porsiyento ang nakakuha ng marka sa hanay na 41 hanggang 50 na may katumbas na Natatangi, at 3 mag-aaral o 6.38 porsiyento ang nasa hanay na 21 hanggang 30 na may katumbas na Kasiya-siya. Wala namang mag-aaral ang napabilang sa mas mababang kategorya tulad ng Bahagyang Kasiya-siya at Hindi Naabot ang Inaasahan. Ipinakikita ng resulta na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pagganap sa pasulat na pagsusulit, bagamat may iilang nasa katamtamang antas.

**Talahanayan 17.**
*Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasulat na Pagsusulit*

| Puntos | Pasulat na Pagsusulit | | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| | f | % | |
| 41 - 50 | 19 | *40.43* | Natatangi |
| 31 - 40 | 25 | *53.19* | Lubhang Kasiya-siya |
| 21 - 30 | 3 | *6.38* | Kasiya-siya |
| 11 - 20 | 0 | *0.00* | Bahagyang Kasiya-siya |
| 0 - 10 | 0 | *0.00* | Hindi Naabot ang Inaasahan |
| Total | 47 | *100* | |
| *Weighted Mean* | *40.32* | | |
| *SD* | *4.63* | | |
| *Berbal na Interpretasyon* | *Lubhang Kasiya-siya* | | |

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga resulta na may sapat na kahandaan at kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsulat at pag-oorganisa ng kanilang mga ideya. Gayunpaman, ang mas mataas na standard deviation kumpara sa pasalitang pagsusulit ay nagpapakita na may kaunting pagkakaiba-iba sa antas ng kanilang pagganap. Ipinahihiwatig nito na bagama't karamihan ay mahusay, may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng karagdagang pagsasanay upang higit pang mapahusay ang kanilang kasanayan sa pasulat na pagpapahayag. Ang kinalabasang ito ay nagpapatunay na ang paggamit ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo ay epektibong nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng kompetensi ng mga mag-aaral sa pagsulat

**Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Paggamit ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan paggamit ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral ayon sa Antas ng Pagkakaunawa, Kakayahang Magbasa nang Tuloy-tuloy, Tamang Tono sa Pagbasa, Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pagbasa, at Pag-uugali sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na Real Statistics Data Analysis Tools sa pamamagitan ng Pearson Product Moment Correlation Coefficient.

Ipinapakita sa Talahanayan 18 ang pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng paggamit ng TEKBUK at ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa resulta ng Pearson Product Moment Correlation Coefficient. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy kung ang bawat bahagi at katangian ng TEKBUK ay may makabuluhang kaugnayan sa iba't ibang dimensyon ng kasanayan sa pagbasa.

Batay sa kabuuang resulta, ang null hypothesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng TEKBUK sa pagpapabuti ng husay sa pagbasa ng mga mag-aaral ay tinatanggihan sa ilang piling salik sapagkat may mga p-value na mas mababa sa .05. Isang makabuluhang positibong ugnayan ang napagmasdan sa pagitan ng Repleksyon, Kaangkupan, Kalinawan, Disenyo, at Teknikal na Pormat at ng Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral kung saan ang p-value ay mas mababa sa .05.

Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kalidad ng mga aspektong ito ng TEKBUK, tumataas din ang antas ng pag-unlad sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng resulta na ang malinaw na presentasyon ng nilalaman, angkop na pagkakaayos ng aralin, maayos na disenyo, episyenteng teknikal na pormat, at makabuluhang mga gawain sa repleksyon ay may tuwirang kaugnayan sa pagpapalalim ng pag-unawa, paglinang ng kasanayan, at paghubog ng positibong pag-uugali sa pagbasa. Ipinahihiwatig din nito na ang mga aspektong ito ay nagsisilbing mahalagang salik sa paglikha ng mas epektibong karanasan sa pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 18.**

*Makabuluhang Kaugnayan ng paggamit ng TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga Mag-aaral*

| ***TEKBUK*** | | **Antas ng Pagkakaunawa** | **Kakayahang Magbasa nang Tuloy-tuloy** | **Tamang Tono sa Pagbasa** | **Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pagbasa** | **Pag-uugali sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral** |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Layunin | Pearson Correlation | .003 | .152 | -.040** | .067 | .159 |
| | Sig. (2-tailed) | .387 | .148 | .003 | .193 | .323 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Paksa | Pearson Correlation | .438 | .469 | .329** | .335 | .170 |
| | Sig. (2-tailed) | .348 | .274 | .002 | .363 | .118 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Gawain | Pearson Correlation | .444 | .313 | .415** | .429 | .244* |
| | Sig. (2-tailed) | .175 | .456 | .003 | .449 | .038 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Pagtataya | Pearson Correlation | .409 | .570 | .490** | .515 | .310* |
| | Sig. (2-tailed) | .132 | .367 | .013 | .290 | .039 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Repleksyon | Pearson Correlation | .421** | .390** | .360 | .434** | .303** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .003 | .318 | .001 | .000 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Kaangkupan | Pearson Correlation | .415** | .340 | .494 | .579** | .283** |
| | Sig. (2-tailed) | .006 | .064 | .139 | .014 | .001 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Kalinawan | Pearson Correlation | .418** | .455** | .555 | .418** | .256** |
| | Sig. (2-tailed) | .005 | .030 | .245 | .020 | .001 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Hikayat sa Paggamit | Pearson Correlation | .240 | .417 | .389** | .362 | .360** |
| | Sig. (2-tailed) | .088 | .321 | .014 | .236 | .006 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Disenyo | Pearson Correlation | .350** | .284** | .474 | .344** | .198** |
| | Sig. (2-tailed) | .000 | .000 | .108 | .000 | .000 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |
| Teknikal na Pormat | Pearson Correlation | .389** | .361** | .313** | .418** | .431 |
| | Sig. (2-tailed) | .022 | .004 | .000 | .004 | .091 |
| | N | 46 | 46 | 46 | 46 | 46 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na ang ilang mahahalagang katangian ng TEKBUK ay may malinaw na kaugnayan sa pagpapabuti ng husay sa pagbasa. Ipinahihiwatig nito na ang kalidad ng disenyo, kalinawan ng nilalaman, kaangkupan sa antas ng mga mag-aaral, at pagkakaroon ng makabuluhang repleksyon ay may mahalagang papel sa paglinang ng mas mahusay na kakayahan sa pagbasa.

**Makabuluhang Epekto ng paggamit TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagganap ng mga Mag-aaral**

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng paggamit TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagganap ng mga Mag-aaral, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng Multiple Regression analysis.

Ipinapakita sa Talahanayan 19 ang epekto ng paggamit ng TEKBUK sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasalitang pagsusulit gamit ang Multiple Regression Analysis. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy kung aling mga bahagi ng TEKBUK ang may makabuluhang impluwensiya sa marka ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, ang kabuuang modelo ay estadistikang makabuluhan sapagkat ang Significance of F ay 0.00 na mas mababa sa .05. Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis na nagsasaad na walang makabuluhang epekto ang paggamit ng TEKBUK sa pagganap ng mga mag-aaral sa pasalitang pagsusulit.

**Talahanayan 19.**

*Epekto ng paggamit TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasalitang Pagsusulit*

| Predictor Variables | Regression Coefficient | | t | p-value | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|
| | B | β | | | |
| Constant | 0.60 | | 7.55 | 0.00 | |
| Layunin | 0.13 | 0.18 | 0.89 | 0.37 | Hindi Makabuluhan |
| Paksa | 0.35 | 0.53 | 2.11 | 0.04 | Makabuluhan |
| Gawain | 0.09 | 0.14 | 0.41 | 0.69 | Hindi Makabuluhan |
| Pagtataya | 0.42 | 0.39 | 3.31 | 0.00 | Makabuluhan |
| Repleksyon | 0.30 | 0.24 | 3.25 | 0.00 | Makabuluhan |
| R | 0.76 | | | | |
| $R^2$ | 0.58 | | | | |
| Adjusted $R^2$ | 0.53 | | | | |
| F | 11.37 | | | | |
| Significance of F | 0.00 | | | | |

Ang halaga ng R na 0.76 ay nagpapakita ng malakas na ugnayan sa pagitan ng mga predictor variables at ng pagganap sa pasalitang pagsusulit. Samantala, ang $R^2$ na 0.58 ay nangangahulugang 58 porsiyento ng baryasyon sa marka ng mga mag-aaral ay naipapaliwanag ng mga bahagi ng TEKBUK na kasama sa modelo. Ipinahihiwatig din ng Adjusted $R^2$ na 0.53 na nananatiling matatag ang paliwanag ng modelo kahit isaalang-alang ang bilang ng mga baryabol.

Batay sa regression coefficient at p-value, ang Paksa, Pagtataya, at Repleksyon ang nagpakita ng makabuluhang epekto sa pagganap sa pasalitang pagsusulit. Ang Paksa ay may β na 0.53 at p-value na 0.04, na nagpapakita na ito ang may pinakamalakas na ambag sa modelo. Ang Pagtataya ay may β na 0.39 at p-value na 0.00, samantalang ang Repleksyon ay may β na 0.24 at p-value na 0.00. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kalidad ng mga aspektong ito, tumataas din ang marka sa pasalitang pagsusulit. Sa kabilang banda, ang Layunin at Gawain ay hindi nagpakita ng makabuluhang epekto sapagkat ang kanilang mga p-value ay mas mataas sa .05. Ipinahihiwatig nito na sa konteksto ng modelong sinuri, ang kanilang impluwensiya ay hindi sapat upang makapagpaliwanag ng karagdagang pagbabago sa pagganap.

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na ang nilalaman ng paksa, ang paraan ng pagtataya, at ang bahagi ng repleksyon ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng pasalitang pagganap ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang mga aspektong ito ng TEKBUK ay may tuwirang kaugnayan sa paglinang ng kakayahan sa pagpapahayag at pag-unawa sa mga aralin.

**Epekto ng paggamit TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasulat na Pagsusulit**

Ipinapakita sa Talahanayan 20 ang epekto ng paggamit ng TEKBUK sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasulat na pagsusulit gamit ang Multiple Regression Analysis.

**Talahanayan 20.**

*Epekto ng paggamit TEKBUK: Tuklasin ang Eksperimento ng Kasanayan at Bumuo ng Umuunlad na Kaalaman sa Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pasulat na Pagsusulit*

| Predictor Variables | Regression Coefficient | | t | p-value | Remarks |
|---|---|---|---|---|---|
| | B | β | | | |
| Constant | 0.64.23 | | 2.44 | 0.02 | |
| Layunin | 3.77 | 87.28 | 1.09 | 0.28 | Hindi Makabuluhan |
| Paksa | 3.48 | 89.51 | 0.87 | 0.39 | Hindi Makabuluhan |
| Gawain | 0.43 | 11.71 | 0.08 | 0.93 | Hindi Makabuluhan |
| Pagtataya | 2.31 | 36.88 | 0.76 | 0.45 | Hindi Makabuluhan |
| Repleksyon | 2.75 | 37.45 | 1.23 | 0.23 | Hindi Makabuluhan |
| R | 0.39 | | | | |
| $R^2$ | 0.16 | | | | |
| Adjusted $R^2$ | 0.05 | | | | |
| F | 1.51 | | | | |
| Significance of F | 0.21 | | | | |

Ang halaga ng R na 0.39 ay nagpapakita ng mahinang ugnayan sa pagitan ng mga predictor variables at ng pagganap sa pasulat na pagsusulit. Samantala, ang $R^2$ na 0.16 ay nangangahulugang 16 porsiyento lamang ng baryasyon sa marka ng mga mag-aaral ang naipapaliwanag ng mga bahagi ng TEKBUK na kasama sa modelo. Ang Adjusted $R^2$ na 0.05 ay lalo pang nagpapakita na maliit ang kontribusyon ng mga predictor variables sa pagpapaliwanag ng pagbabago sa marka kapag isinasaalang-alang ang bilang ng mga baryabol.

Batay sa regression coefficient at p-value, walang isa man sa mga predictor variables tulad ng Layunin, Paksa, Gawain, Pagtataya, at Repleksyon ang nagpakita ng makabuluhang epekto sapagkat ang kanilang mga p-value ay mas mataas sa .05. Ipinahihiwatig nito na sa loob ng modelong sinuri, ang mga nabanggit na bahagi ng TEKBUK ay hindi nakapagpaliwanag ng makabuluhang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat na pagsusulit.

Sa kabuuan, ipinakikita ng resulta na bagama't mataas ang pangkalahatang marka ng mga mag-aaral sa pasulat na pagsusulit, ang mga bahagi ng TEKBUK na isinama sa modelo ay hindi nagpakita ng sapat na estadistikang ebidensiya upang maipaliwanag ang pagtaas ng kanilang marka. Ipinahihiwatig nito na maaaring may iba pang salik na nakaaapekto sa pagganap sa pagsulat na hindi saklaw ng kasalukuyang pagsusuri.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag aaral, bumuo ang mananaliksik ng mga sumusunod na konklusyon.

1. Malinaw na May Makabuluhang Kaugnayan ang paggamit ng TEKBUK sa Pagpapabuti ng Husay sa Pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang kalidad ng mga aspektong ito ng TEKBUK, tumataas din ang antas ng pag-unlad sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng resulta na ang malinaw na presentasyon ng nilalaman, angkop na pagkakaayos ng aralin, maayos na disenyo, episyenteng teknikal na pormat, at makabuluhang mga gawain sa repleksyon ay may tuwirang kaugnayan sa pagpapalalim ng pag-unawa, paglinang ng kasanayan, at paghubog ng positibong pag-uugali sa pagbasa. Implikasyon din ito na ang mga aspektong ito ay nagsisilbing mahalagang salik sa paglikha ng mas epektibong karanasan sa pagkatuto.

2. Napatunayan na May Makabuluhang epekto ang paggamit ng TEKBUK sa Pagganap ng mga Mag-aaral. Implikasyon nito na may malaking epekto sa pagganap ng mag-aaral ang paggamit ng TEKBUK. Patunay ito na ang TEKBUK ay napatunayang isang mabisang kagamitang pampagtuturo sa pagpapabuti ng husay sa pagbasa at sa pagpapataas ng pagganap ng mga mag aaral.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga konklusyong nabuo mula sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na maaaring patuloy na gamitin ang TEKBUK bilang interbensyong kagamitang pampagtuturo upang higit na mapalakas ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pasalitang pagpapahayag, gayundin ang kanilang indibidwal na pagkatuto batay sa sariling antas ng kakayahan.

2. Inirerekomenda sa mga guro na maaaring ipagpatuloy at higit pang pagyamanin ang paggamit ng TEKBUK sa loob ng klase sa pamamagitan ng pagdaragdag ng iba't ibang estratehiya lalo na sa aspektong pasulat upang mas mapalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat at organisasyon ng ideya.

3. Ipinapayo sa mga paaralan na maaaring isulong ang integrasyon ng TEKBUK bilang bahagi ng mga programang pampagbasa upang makatulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa at mabawasan ang suliranin sa pagbasa ng mga mag-aaral.

4. Ipinapanukala sa mga Administrador at Tagabuo ng Kurikulum, maaaring gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang batayan sa pagbuo at pagpapahusay ng mga kagamitang panturo at kurikulum na nakatuon sa paggamit ng teknolohiya at makabagong estratehiya sa pagtuturo.

5. Itinatagubilin sa mga Susunod na Mananaliksik, maaaring magsagawa ng mas malawak na pag-aaral na may mas malaking bilang ng respondente at isama ang iba pang sukatan ng pagganap tulad ng performance-based assessment at portfolio upang higit pang mapagtibay at mapalawak ang resulta ng pag-aaral hinggil sa epekto ng TEKBUK.

## SANGGUNIAN

1. *Perez, A. M., & Malabanan, M. G. (2020). Bisa ng E-dialekto bilang kagamitang panturo sa asignaturang panimulang lingguwistika. LSPU Research Journal, 1(1). https://media.neliti.com/media/publications/610822-bisa-ng-e-dialekto-bilang-kagamitang-pan-8f82f5b0.pdf*
2. *Valdez, P. N. (2020). Teaching critical literacy in the Philippine context. De La Salle University Publishing House. https://www.researchgate.net/publication/340234567_Critical_Literacy_Practices_in_Filipino_Classrooms*